# Ang sinumang nagsabi: Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-l'islāmi dīnan, wa-bi-muḥammadin rasūlā, (Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad bilang Sugo,) nagindapat para sa kanya ang Paraiso."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nagsabi: Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-l'islāmi dīnan, wa-bi-muḥammadin rasūlā, (Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad bilang Sugo,) nagindapat para sa kanya ang Paraiso."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi: "Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon," bilang Diyos, bilang Tagapag-alaga, bilang Pinapanginoon, at bilang Tagapagsaayos; "sa Islām" sa lahat ng mga patakaran nito na mga ipinag-uutos at mga sinasaway "bilang Relihiyon," bilang Kapaniwalaan, bilang Batas, bilang paniniwala, at bilang pagpapaakay; "at kay Muḥammad bilang Sugo" at bilang Propeta kalakip ng lahat ng ipinasugo sa kanya at ipinaabot niya sa atin, "nagindapat para sa kanya ang Paraiso."

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65906